

# Gabay sa tamang paggamit ng

# PESTISIDYO

## Kahalagahan ng Gabay sa Tamang Paggamit ng Pestisidyo

Ang mga pestisidyo ay naging mahalagang bahagi ng kasalukuyang pagsasaka at gumaganap ng isang malaking papel sa pagtaas ng produktibidad ng agrikultura. Gayunpaman, ang walang pinipili at malawak na paggamit ng mga pestisidyo ay kumakatawan sa isa sa mga pangunahing problema sa kapaligiran at pampublikong kalusugan sa buong mundo. Kung hindi wasto ang paggamit, ang mga pestisidyo ay maaaring humantong sa paglaganap ng mga peste, pagkalason ng tao at hayop, kontaminasyon sa lupa, tubig, at hangin, na naglalagay sa panganib sa kapaligiran at kalusugan ng tao.

Ang mga magsasaka at mga gumagamit ng pestisidyo ay nasa matinding panganib kung hindi susundin ang tamang pamamaraan ng paggamit ng pestisidyo, maling pamamaraan ng pag-iimbak at pagtatapon, hindi pag-iingat sa mga kagamitan sa pag-spray, at kawalan ng kasuotang proteksyon sa katawan.

Ang mga panganib na ito ay maaaring lumala kung hindi sapat ang pagpapalaganap ng impormasyon ukol sa mga panganib na dulot ng pestisidyo, hindi sapat na pag-unawa sa saloobin ng mga magsasaka ukol sa panganib ng pestidyo, at ang kakulangan sa pag-intindi at edukasyon sa tamang paggamit gaya ng tamanag pag-iiimbak, paggamit at pagtapon nito. Ang mga taong gumagamit ng pestidyo na may sapat na kaalaman at mas malinaw na pag-intindi sa mga panganib na maaring idulot ng pestidyo ay mas makakaiwas sa sakunang dulot nito. Kinakailangan na maintindihan ng mga magsasaka ang mga babala na nakasaad sa label ng pestisidyo, paano maiiwasan na ma-expose dito, at maintinidhan ang mga alituntunin sa wasto at ligtas na paggamit nito.

Sa pamamagitan ng gabay na ito, ang mga taong nagtatrabaho sa sektor ng agrikultura partikular na ang mga magsasaka ay maaaring sumunod sa mga health protocols upang maiwasan ang anumang aksidente habang ginagawa ang kanilang trabaho at kasabay nito matitiyak ang masaganang ani at kita.



# NILALAMAN


| | | |
|---|---|---|
| **I.** | Pagbili ng pestisidyo | 1 |
| **II.** | Pagtatago ng pestisidyo | 2 |
| **III.** | Pagsukat at paghalo ng pestisidyo | 3 |
| **IV.** | Tamang paggamit ng pestisidyo | 5 |
| **V.** | Pagtatapon ng basyong lalagyan | 7 |
| **VI.** | Pag-iingat sa mga kagamitan | 8 |
| **VII.** | Kasuotang pamprotekta sa katawan | 9 |
| **VIII.** | Panganib na dulot ng pestisidyo | 10 |
| **IX.** | Pang-unang lunas (First aid) | 11 |

# I. Pagbili ng pestisidyo

1. Bilhin ang pestisidyo na angkop at ipinapayo lamang para gamitin.

2. Huwag bilhin ang may sira o depektibong sisidlan.

3. Kung ibabyahe ang pestisidyo, ilayo ito sa pagkain at mga pasahero.





# II. Pagtatago ng pestisidyo

1. Ibukod ng lalagyan ang pestisidyo. Ilagay sa hindi naaabot ng bata, malayo sa mga hayop, pagkain at inumin.

2. Panatilihin ang mga ito sa kanilang orihinal na lalagyan. Huwag isalin ang pestisidyo sa ibang lalagyan.

3. Ilayo ito sa naaabot ng apoy at panatilihin itong tuyo at hindi nasisinagan ng araw.

# III. Pagsukat at paghalo ng pestisidyo

1. Magsuot ng kasuotang pamprotekta sa katawan bago magtimpla o gumamit ng pestisidyo.

***Tandaan: Ang matapang na timpla ay hindi nagbibigay ng magandang epekto. Ang mababang timpla ay hindi rin epektibo. Laging sundin ang tamang timpla ayon sa etiketa o label.***

2. Sukatin ang pestisidyo at ibuhos agad sa tangke na may bahagyang tubig.

3. Ang pulbos ay dapat ihalo muna sa kaunting tubig bago tuluyang ilagay sa tangke na pambomba.

4. Lagyan ng tubig ang tangke ayon sa tamang dami at haluing mabuti.



5. Ingatang huwag mahaluan ang tubig-inuman o kanal na pinag-iinuman ng hayop tulad ng ilog, sapa, batis, atbp.

6. Huwag sukatin ang pestisidyo o haluin sa pamamagitan ng kamay. Huwag din ilubog ang kamay at braso kapag hinahalo ang likido.

7. Gumamit ng angkop na kagamitang panukat at panghalo.

8. Gumamit ng embudo sa pagbubuhos ng likido upang maiwasan ang pagtilamsik. Huwag sipsipin ang likidong pestisidyo sa pamamagitan ng bibig sa may tubo.

9. Hugasan ang lahat ng kagamitan pagkatapos gamitin sa lugar na malayo sa tirahan, balon, daanan ng tubig at pananim. Ang mga kagamitang ginamit para sa pestisidyo ay hindi na dapat gamitin pa sa ibang bagay.

10. Isaradong mabuti ang mga pakete at takip ng bote ng pestisidyo pagkatapos gamitin upang hindi tumapon at makalason.

# IV. Tamang paggamit ng pestisidyo

1. Obserbahan ang lagay ng panahon, partikular ang direksyon ng hangin. Ugaliing magbomba ng paayon o di pasalungat sa hangin. Tandaan na ito ay mapanganib sa tao, pananim, tubig, hayop at mga kabahayan.

2. Huwag gumamit ng pestisidyo nang walang sapat na kaalaman. Laging basahin ang etiketa, tingnan ang tagubilin at mga ipinapayong paraan bago gamitin ang pestisidyo. Itago ito upang magsilbing gabay anomang oras na kailangan.

3. Sundin ang nakasulat sa etiketa o kaya ay humingi ng payo sa nakakaalam (technician, agro-dealers, atbp.)

4. Ang bata ay di dapat hayaang gumamit o magbomba ng pestisidyo.

5. Huwag hayaang may makalapit na tao o hayop kapag ang pestisidyo ay kasalukuyang ginagamit.

6. Isarado ang bahay na malapit sa bukid kung gagamit ng pestisidyo.

7. Laging hugasang mabuti ang kamay at parte ng katawan na maaaring nabahiran ng pestisidyo pagkatapos gumamit o magbomba.



8. Siguraduhing tama ang paggamit ng pestisidyo upang hindi malason ang kapaligiran. Iwasan ang pagtulo o pagtagas ng pestisidyo habang nakasakay sa sasakyan. Ayusin rin ang pagtatago, paggamit, pagtatapon ng basyo at paghuhugas ng kagamitan.

9. Ihiwalay ng labahan ang mga kasuotang ginagamit sa pagtatrabaho sa bukid lalo na ang ginagamit kapag nagbobomba ng pestisidyo. Banlian kung maaari bago tuluyang labahan.

# V. Pagtatapon ng basyong lalagyan

1. Ang balde, lata, bote o kahon ay dapat ibaon sa lupa. Huwag sunugin ang mga basyong lalagyan sapagkat ang usok nito ay makakasama sa katawan kapag ito ay nalalanghap.

2. Sa pagbabaon ng mga lalagyan o basyo, kailangang ang lalim ng hukay (pit) ay isang metro kuwadrado ($m^2$). Lagyan ang ilalim ng 2-3 sentimetrong apog (lime) at 5-10 sentimetrong kusot (sawdust). Ito ay magsisilbing palagiang tapunan ng basyo ng pestisidyo.

   ***Paalala: Ang hukay ay dapat malayo sa daluyan o kuhanan ng tubig.***

3. Ang lalagyan ng pestisidyo ay hindi dapat hugasan sa sapa, batis o ilog. Huwag gamitin ang lalagyan ng pestisidyo bilang inuman ng tao o hayop o kaya'y sisidlan ng suka, toyo, patis, atbp. Kahit pa sapat ang paglilinis na ginagawa para dito.





# VI. Pag-iingat sa mga kagamitan

1. Linising mabuti ang mga kagamitan at itago sa tamang lugar pagkatapos ng gamitin.

2. Gamitin lamang ang mga maayos na kagamitan. Ang tagas ay maaaring makapinsala sa tao, hayop at kapaligiran.



# VII. Kasuotang pamprotekta sa katawan

Gumamit ng kasuotan bilang pananggalang sa katawan hangga't maaari, katulad ng mahabang manggas, pantalon, bota, guwantes, mascara, sombrero, respirator at iba pang pamprotektang kasuotan.

# VIII. Panganib na dulot ng pestisidyo

Ang pestisidyo ay maaaring makalason o makamatay ng tao at hayop kung hindi susundin ang tamang pamamaraan ng paggamit. Ito ay nakalalason din ng ating kapaligiran. Ang pestisidyo ay nakapapasok sa balat, bibig at ilong ng tao. Nakapapasok rin ito sa kasuotan patungo sa balat at sa loob ng katawan.

Ang mga sumusunod ay ilang halimbawa upang makaiwas sa panganib:

1. Huwag hipan ang baradong tubo. Gumamit ng tamang pangsundot sa bara ng nozzle.
2. Huwag kumain kung ang kamay ay nabahiran na ng pestisidyo sa paggamit o pagbomba nito.
3. Hugasang mabuti ang mga kamay at mukha bago kumain, uminom o umihi.



# IX. *Pang-unang lunas (first aid)*

Tandaan na mas madaling iwasan ang pagkalason kaysa sa gamutin ito. Kaya buong ingat na gamitin ang pestisidyo. Bukod dito, ating alalahanin ang mga sumusunod:

1. Ang maling paggamot ay maaaring magpalubha pa sa kalagayan ng pasyente.

2. Panatilihing panatag ang pasyente at nasa maayos na lugar. Tumawag kaagad ng manggagamot. Ipakita sa kanya ang etiketa ng nakapinsala o nakalasong pestisidyo.

3. Huwag bigyan ng anumang inuming may alcohol o gatas ang pasyenteng inaakalang nalason.

4. Kapag nasabuyan, agad ilayo ang pasyente sa lugar na pinaggagawaan. Hugasan ng malinis na tubig ang mata na nasabuyan ng pestisidyo sa loob ng 10 minuto. Alisin ang natapunang damit at hugasan kaagad ang balat.



5. Kapag nakalanghap, dalhin sa maaliwalas na lugar upang makahinga nang maluwag. Kung hindi na humihinga, bigyan ng mouth-to-mouth resuscitation o artipisyal na pagbibigay ng hangin.

6. Kapag nakainom, dalhin sa maaliwalas na lugar. Alamin kung anong uri ang ginamit na pestisidyo. Pasukahin lamang kung gising ang pasyente at ang nainom na pestisidyo ay non-kerosene-based. Kung kerosene-based, huwag pasukahin. Painumin ng walong binati na puti ng itlog.

7. Tumawag ng manggagamot o di kaya ay dalhin sa pinakamalapit na ospital. Huwag kalimutang dalhin ang etiketa o ang sisidlan ng pestisidyo.

DEPARTMENT OF AGRICULTURE

# FERTILIZER AND PESTICIDE AUTHORITY



## CONTACT US:


FPAofficialpage

fpa.da.gov.ph

fpacentral77@gmail.com

(02) 8920-8573 / 8927-2536 / 8927-3647

**Agricultural Training Institute**
Call: 1800-10-8982AGRI
(or 1800-10-9822474) for provincial toll-free calls
02-8982-AGRI (or 8982-2474) – for Metro Manila
Text: 0920-946AGRI (0920-9462474) for all networks

# Gabay sa Tamang Paggamit ng

# PESTISIDYO